



FALKLAND ISLANDS GOVERNMENT ANUNSYO SA PAMPUBLIKONG SERBISYO

Ika-18 ng Enero 2021

Hinihimok ang publiko na siguruhing sila ay naka-rehistro sa KEMH bilang bahagi ng pagpapalano sa bakuna

Bilang bahagi ng pagpapalano para sa nalalapit na programa sa pagbabakuna sa Covid-19 sa Falkland Islands, hinihimok ng KEMH ang publiko na siguruhing sila ay naka-rehistro bilang pasyente ng ospital. Kahit na hindi mo kinakailangan ng agarang tulong medikal, mahalaga na ang KEMH ay may napapanahon o *up-to-date* na impormasyon sa kahit sinumang nakatira dito sa isla, para masigurong ang mga plano sa bakuna ay maisagawa, para mabigyang halaga ang mga nasa panganib at malaman kung sino ang dapat na unang makatanggap ng bakuna, at sa kadahilalang ang mga tao na may edad singkwenta (50) pataas ay mas hinihimok na masigurong sila ay nakarehistro.

Bakit importante na maging rehistrado?

- Sa paglipas ng panahon ang ospital ay magkakaroon ng malinaw na pananaw sa iyong pangangailangan sa serbisyong pangkalusugan
- Masiguro ng KEMH na napapanahon ang iyong mga bakuna at mga mahahalagang pagsusuri
- Para iyong maabot ang mga suportang pangkalusugan, tulad ng abiso sa tamang pagkain at tigil-paninigarilyo

Paano ako makakaparehistro sa KEHM?

1. Bumisita sa reception ng ospital para kumpletuhin ang iyong mga papeles mula alas-otso ng umaga (8am) hanggang alas-kwatro y medya (4:30pm)
2. Tumawag sa 28000 para humingi ng mga kaukulang papeles para maipadala sa iyong tirahan at ipadala ito pabalik sa kanila
3. Magpadala ng email sa surveillance@kemh.gov.fk para humingi ng elektronikong bersyon ng mga papeles, na maaaring makumpleto at maibalik sa pamamagitan ng email.

Ang mga pasyente na naka-rehistro na sa ospital ay hindi na kailangang magpa-rehistro. Kung ikaw ay hindi sigurado sa iyong rehistro, maari mo itong alamin sa pamamagitan ng pagpapadala

ng email sa surveillance@kemh.gov.fk kasama ang iyong kumpletong pangalan at petsa ng kapanganakan o tumawag sa numerong 28000. Ang lahat ng impormasyon na iyong ibibigay ay pananatiliing kumpidensyal, na nakabase sa mga polisiya sa *data protection* ng KEMH.

Upang masiguro na ang iyong impormasyon ay maisama sa malawak na programa sa pagbabakuna sa isla, pakiusap na siguruhing ikaw ay nakarehistro sa KEMH bago ang ika-31 ng Enero 2021.

KATAPUSAN